Karagdagang Benepisyo ng Medicare: Mga Serbisyo sa Regular na Transportasyon	Sinasaklaw **ang** benepisyo bilang Karagdagang Benepisyo ng Medicare Kasama sa saklaw ang $200 allowance kada quarter para gastusin sa mga regular na serbisyo sa transportasyon. Nakatanggap ka ng prepaid ba debit MyChoice kard na maaaring gamitin para sa iyong suplementong OTC na benepisyo.	Ang benepisyo **ay hindi** sakop bilang Karagdagang Benepisyo ng Medicare
	Tandaan: Ang saklaw na ito ay para sa Benepisyo ng Medicare sa Karagdagang Regular na Transportasyon. Sakop ka para sa mga karagdagang regular na serbisyo sa transportasyon sa ilalim ng iyong benepisyo sa Medi-Cal (Medicaid) sa pamamagitan ng Plano.	

D2. Mga pagbabago sa saklaw ng inireresetang gamot

Mga pagbabago sa aming Listahan ng Gamot

Makakakuha ka ng 2024 na *Listahan ng mga Saklaw na Gamot* sa isang hiwalay na pagpapadala sa koreo. Isang na-update na *Listahan ng mga Saklaw na Gamot* ay matatagpuan sa aming website sa www.MolinaHealthcare.com/Medicare. Maaari mo ring tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numero sa ibaba ng pahina para sa na-update na impormasyon sa gamot o upang hilingin sa amin na magpadala sa iyo sa koreo ng *Listahan ng mga Saklaw na Gamot*. Ang *Listahan ng mga Saklaw na Gamot* ay tinatawag ding "Listahan ng Gamot."

Gumawa kami ng mga pagbabago sa aming Listahan ng Gamot, kabilang ang mga pagbabago sa mga gamot na saklaw namin at mga pagbabago sa mga paghihigpit na nalalapat sa aming saklaw para sa ilang partikular na gamot.

Suriin ang Listahan ng Gamot para **matiyak na masasakop ang iyong mga gamot sa susunod na taon** at upang malaman kung may anumang mga paghihigpit.

Kung maapektuhan ka ng pagbabago sa saklaw sa gamot, hinihikayat ka naming:

- Makipagtulungan sa iyong doktor (o sa iba pang nagrereseta) upang makahanap ng ibang gamot na saklaw namin.
  - Maaari kang tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numero sa ibaba ng pahina o makipag-ugnayan sa iyong Tagapamahala ng Kaso para humingi ng listahan ng mga sakop na gamot na gumagamot sa parehong kondisyon.
  - Makakatulong ang listahang ito sa iyong tagapagkaloob na makahanap ng isang sakop na gamot na maaaring gumana para sa iyo.
- Makipagtulungan sa iyong doktor (o sa iba pang tagapagreseta) at hilingin sa amin na gumawa ng eksepsiyon upang masakop ang gamot.
  - Maaari kang humingi ng eksepsiyon bago ang susunod na taon, at bibigyan ka namin ng sagot sa loob 72 oras pagkatapos naming makuha ang iyong kahilingan (o ang sumusuportang pahayag ng iyong tagapagreseta).
  - Para malaman kung ano ang dapat mong gawin para makahingi ng eksepsiyon, sumangguni sa **Chapter 9** of your *Member Handbook (Kabanata 9 ng iyong Handbook ng Miyembro)* o tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numero sa ibaba ng page.
  - Kung kailangan mo ng tulong sa paghingi ng eksepsiyon, makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Miyembro o sa iyong Tagapamahala ng Kaso. Sumangguni sa mga **Chapter 2 and 3** of your *Member Handbook (Kabanata 2 at 3 ng iyong Handbook ng Miyembro)* upang matuto nang higit pa tungkol sa kung paano makipag-ugnayan sa iyong Tagapamahala ng Kaso.
- Hilingin sa amin na sakupin ang pansamantalang supply ng gamot.
  - Sa ilang sitwasyon, sinasaklaw namin ang **pansamantalang** supply ng gamot sa unang (90) araw ng taon ng kalendaryo.
  - Ang pansamantalang supply na ito ay hanggang sa (31) araw sa isang buwan. (Upang matuto nang higit pa tungkol sa kung kailan ka makakakuha ng pansamantalang supply at kung paano humingi nito, sumangguni sa **Chapter 5** of your *Member Handbook (Kabanata 5 ng iyong Handbook ng Miyembro)*.)

    Kapag nakakuha ka ng pansamantalang supply ng gamot, kausapin ang iyong doktor tungkol sa kung ano ang gagawin kapag naubos ang iyong pansamantalang supply. Maaari kang lumipat sa ibang gamot na saklaw ng aming plano o hilingin sa amin na gumawa ng eksepsiyon para sa iyo at sakupin ang iyong kasalukuyang gamot.

Mahalagang Mensahe Tungkol sa Babayaran Mo para sa mga Bakuna

Sinasaklaw ng aming plano ang karamihan sa Bahagi D na mga bakuna nang walang bayad.

Mga pagbabago sa mga gastos sa inireresetang gamot

Inilipat namin ang lahat ng gamot sa Listahan ng Gamot sa isang tier.

Ipinapakita ng sumusunod na talahanayan ang iyong mga gastos para sa iyong solong Tier na gamot sa bawat isa sa aming Tier 1 na pormularyo.

	2023 (ngayong taon)	2024 (sa susunod na taon)
Bahagi D na mga Inireresetang Gamot Sinasaklaw ng aming plano ang Bahagi D na mga bakuna nang walang bayad	Ang Bahagi D na mga sakop na gamot sa pormularyo ng Plano ay nasa iba't ibang tier. Dahil mayroon kang Medi-Cal, nakatala ka na sa "Karagdagang Tulong," na tinatawag ding Subsidy sa Mababa ang Kita, Sa 2023, ang iyong gastos para sa isang reseta na pinunan sa isang parmasya sa network ay depende sa iyong Copay sa Subsidy sa Mababa ang Kita (Low-Income Subsidy, LIS) at antas na kinabibilangan ng gamot.	Ang mga sakop na gamot ng Bahagi D sa pormularyo ng Plano ay nasa isang tier. Dahil mayroon kang Medi-Cal, nakatala ka na sa "Karagdagang Tulong," na tinatawag ding Subsidy sa Mababa ang Kita. Sa 2024, ang iyong gastos para sa isang reseta na pinunan sa isang parmasya sa network ay $0 sa lahat ng yugto ng Bahagi D na Benepisyo ng Inireresetang Gamot na may Disenyong Nakabatay sa Halaga ng Seguro (VBID) na pinahusay na benepisyo.

E. Mga pagbabagong pang-administratibo

Gumagawa kami ng mga pagbabagong pang-administratibo para sa susunod na taon. Inilalarawan ng impormasyon sa talahanayan sa ibaba ang mga pagbabagong ito.

	2023 (ngayong taon)	2024 (sa susunod na taon)
Nagbago ang iyong Pakete ng Benepisyo sa Kontrata/ Plano (Plan Benefit Package, PBP).	**H5810-016**	**H3038-003**

F. Pagpili ng plano

F1. Pananatili sa aming plano

Umaasa kaming mapanatili kang miyembro ng plano. Wala kang kailangang gawin para manatili sa aming plano. Kung **hindi** ka lilipat sa ibang plano ng Medicare o lilipat sa Original Medicare, awtomatiko kang mananatiling nakatala bilang miyembro ng aming plano para sa 2024.

F2. Pagbabago ng mga plano

Karamihan sa mga taong may Medicare ay maaaring wakasan ang kanilang pagiging miyembro sa ilang partikular na pagkakataon ng taon. Dahil mayroon kang Medi-Cal, maaari mong wakasan ang iyong pagiging miyembro sa aming plano o lumipat sa ibang plano nang isang beses sa bawat isa sa mga sumusunod na **Mga Espesyal na Panahon ng Pagpapatala**:

- Enero hanggang Marso
- Abril hanggang Hunyo
- Hulyo hanggang Setyembre

Bukod sa tatlong panahon ng Espesyal na Pagpapatala, maaari mong wakasan ang iyong pagiging miyembro sa aming plano sa mga sumusunod na panahon:

- Ang **Taunang Panahon ng Pagpapatala**, na tumatagal mula Oktubre 15 hanggang Disyembre 7. Kung pipili ka ng bagong plano sa panahong ito, magtatapos ang iyong pagiging miyembro sa aming plano sa Disyembre 31 at magsisimula ang iyong pagiging miyembro sa bagong plano sa Enero 1.
- Ang **Bukas na Panahon ng Pagpapatala ng Medicare Advantage (MA)**, na tumatagal mula Enero 1 hanggang Marso 31. Kung pipili ka ng bagong plano sa panahong ito, magsisimula ang iyong pagiging miyembro sa bagong plano sa unang araw ng susunod na buwan.

Maaaring may iba pang mga sitwasyon na maaari kang karapat-dapat na gumawa ng pagbabago sa iyong pagpapatala. Halimbawa, kapag:

- Lumipat ka sa labas ng aming lugar ng serbisyo,
- Nagbago ang iyong pagiging karapat-dapat para sa Medi-Cal o Karagdagang Tulong, **o**
- Kung lumipat ka kamakailan, kasalukuyang kumukuha ng pangangalaga, o kalalabas lang sa isang pasilidad ng pangangalaga o isang ospital ng pangmatagalang pangangalaga.

Ang iyong mga serbisyo sa Medicare

Mayroon kang tatlong opsyon para makuha ang iyong mga serbisyo sa Medicare. Sa pamamagitan ng pagpili ng isa sa mga opsyong ito, awtomatiko mong mawawakasan ang iyong pagiging miyembro sa aming plano.

1. Maaari kang lumipat sa: **Ibang planong pangkalusugan ng Medicare, kabilang ang ibang Medicare Medi-Cal Plan**	**Narito ang dapat gawin:** Tumawag sa Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048. Para sa mga katanungan sa Programa ng Inklusibo Lahat na Pangangalaga para sa mga Matatanda (Program of All-inclusive Care for the Elderly, PACE), tumawag sa 1-855-921-PACE (7223). Kung kailangan mo ng tulong o higit pang impormasyon: ■ Tawagan ang Programa sa Pagpapayo at Pagtataguyod ng Segurong Pangkalusugan ng California (California Health Insurance Counseling and Advocacy Program, HICAP) sa 1-800-434-0222, Lunes hanggang Biyernes mula sa 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Para sa karagdagang impormasyon o upang makahanap ng lokal na tanggapan ng HICAP sa iyong lugar, mangyaring bisitahin ang www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/. **O** Magpatala sa bagong Medicare na plano. Awtomatiko kang maaalis sa pagkakatala sa aming plano kapag nagsimula ang saklaw ng iyong bagong plano. Maaaring magbago ang iyong plano sa Medi-Cal.
2. Maaari kang lumipat sa: **Original Medicare na may hiwalay na plano sa inireresetang gamot ng Medicare**	**Narito ang dapat gawin:** Tumawag sa Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048. Kung kailangan mo ng tulong o higit pang impormasyon: ■ Tawagan ang Programa sa Pagpapayo at Pagtataguyod ng Segurong Pangkalusugan ng California (California Health Insurance Counseling and Advocacy Program, HICAP) sa 1-800-434-0222, Lunes hanggang Biyernes mula sa 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Para sa karagdagang impormasyon o upang makahanap ng lokal na tanggapan ng HICAP sa iyong lugar, mangyaring bisitahin ang www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/. **O** Magpatala sa bagong plano ng Medicare sa inireresetang gamot. Awtomatiko kang maaalis sa pagkakatala sa aming plano kapag nagsimula ang iyong saklaw sa Original Medicare. Hindi magbabago ang iyong plano sa Medi-Cal.

3. Maaari kang lumipat sa:	Narito ang dapat gawin:
Original Medicare nang walang hiwalay na plano ng Medicare sa inireresetang gamot **Tandaan**: Kung lilipat ka sa Original Medicare at hindi magpapatala sa isang hiwalay na plano ng Medicare sa inireresetang gamot, maaaring itala ka ng Medicare sa isang plano sa gamot, maliban kung sasabihin mo sa Medicare na ayaw mong sumali. Dapat mo lamang ihinto ang saklaw sa inireresetang gamot kung mayroon kang saklaw sa gamot mula sa ibang pinagkukunan, tulad ng isang employer o unyon. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa kung kailangan mo ang saklaw sa gamot, tawagan ang Programa sa Pagpapayo at Pagtataguyod ng Segurong Pangkalusugan ng California (California Health Insurance Counseling and Advocacy Program, HICAP) sa 1-800-434-0222, Lunes hanggang Biyernes mula sa 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Para sa karagdagang impormasyon o upang makahanap ng lokal na tanggapan ng HICAP sa iyong lugar, mangyaring bisitahin ang www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/.	Tumawag sa Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048. Kung kailangan mo ng tulong o higit pang impormasyon: ■ Tawagan ang Programa sa Pagpapayo at Pagtataguyod ng Segurong Pangkalusugan ng California (California Health Insurance Counseling and Advocacy Program, HICAP) sa 1-800-434-0222, Lunes hanggang Biyernes mula sa 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Para sa karagdagang impormasyon o upang makahanap ng lokal na tanggapan ng HICAP sa iyong lugar, mangyaring bisitahin ang www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/. Awtomatiko kang maaalis sa pagkakatala sa aming plano kapag nagsimula ang iyong saklaw sa Original Medicare. Hindi magbabago ang iyong plano sa Medi-Cal.

Ang iyong mga serbisyo sa Medi-Cal

Para sa mga tanong tungkol sa kung paano pumili ng Medi-Cal na plano o kumuha ng iyong mga serbisyo sa Medi-Cal pagkatapos mong umalis sa aming plano, makipag-ugnayan sa Mga Opsyon sa Pangangalagang Pangkalusugan sa 1-800-430-4263, Lunes – Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-800-430-7077. Itanong kung paano makaapekto ang pagsali sa ibang plano o pagbabalik sa Original Medicare sa kung paano mo kukunin ang iyong saklaw sa Medi-Cal.

G. Paghingi ng tulong

G1. Ang aming plano

Narito kami upang tumulong kung mayroon kang anumang mga katanungan. Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numerong nasa ibaba ng pahina sa mga araw at oras ng operasyon na nakalista. Libre ang mga tawag na ito.

Basahin ang iyong *Handbook ng Miyembro*

Ang iyong *Handbook ng Miyembro* ay isang legal, detalyadong paglalarawan sa mga benepisyo ng aming plano. Mayroon itong mga detalye tungkol sa mga benepisyo at halaga para sa 2024. Ipinapaliwanag nito ang iyong mga karapatan at ang mga panuntunang dapat sundin upang makakuha ng mga serbisyo at mga inireresetang gamot na saklaw namin.

Ang *Handbook ng Miyembro* para sa 2024 ay magiging available sa Oktubre 15. Maaari mo ring suriin ang hiwalay na ipinadala sa koreo na *Handbook ng Miyembro* upang malaman kung makakaapekto sa iyo ang ibang benepisyo o mga pagbabago sa halaga. Makukuha ang napapanahong kopya ng *Handbook ng Miyembro* sa aming website sa www.MolinaHealthcare.com/Medicare. Maaari mo ring tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numero sa ibaba ng pahina upang hilingin sa amin na magpadala sa iyo sa koreo ng *Handbook ng Miyembro* para sa 2024.

Ang aming website

Maaari mong bisitahin ang aming website sa www.MolinaHealthcare.com/Medicare. Bilang paalala, nasa aming website ang pinakabagong impormasyon tungkol sa aming network ng tagapagkaloob at parmasya (*Direktoryo ng Tagapagkaloob at Parmasya*) at ang aming Listahan ng Gamot (*Listahan ng mga Saklaw na Gamot*).

G2. Programang Pagpapayo at Pagtataguyod ng Segurong Pangkalusugan (Health Insurance Counseling and Advocacy Program, HICAP)

Maaari mo ring tawagan ang Programang Tulong ng Estado sa Segurong Pangkalusugan (State Health Insurance Assistance Program, SHIP). Sa California, ang SHIP ay tinatawag na Programang Pagpapayo at Pagtataguyod ng Segurong Pangkalusugan (Health Insurance Counseling and Advocacy Program, HICAP). Matutulungan ka ng mga tagapayo ng HICAP na maunawaan ang mga kagustuhan mo sa plano at masagot ang mga tanong tungkol sa paglipat ng mga plano. Hindi konektado ang HICAP sa amin o sa anumang kompanya ng seguro o planong pangkalusugan. May mga sinanay na mga tagapayo ang HICAP sa bawat county, at libre ang mga serbisyo. Ang numero ng telepono ng HICAP ay 1-800-434-0222. TTY 711. Para sa karagdagang impormasyon o upang makahanap ng lokal na tanggapan ng HICAP sa iyong lugar, mangyaring bisitahin ang www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/.

G3. Programa ng Ombuds

Ang Medicare Medi-Cal Ombuds Program ay makakatulong sa iyo kung mayroon kang problema sa aming plano. Ang mga serbisyo ng ombudsman ay libre at available sa lahat ng wika. Ang Medicare Medi-Cal Ombuds Program ay:

- gumagana bilang isang tagapagtaguyod para sa iyo. Maaari nilang sagutin ang mga tanong kung mayroon kang problema o reklamo at makakatulong sa iyong maunawaan kung ano ang gagawin.
- tinitiyak na mayroon kang impormasyon na nauugnay sa iyong mga karapatan at proteksyon at kung paano mo mareresolba ang iyong mga alalahanin.
- hindi konektado sa amin o sa anumang kompanya ng seguro o planong pangkalusugan. Ang numero ng telepono para sa Medicare Medi-Cal Ombuds Program ay 1-888-804-3536.

G4. Medicare

Upang makakuha ng impormasyon nang direkta mula sa Medicare, tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 oras kada araw, 7 araw kada linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048.

Website ng Medicare

Maaari mong bisitahin ang website ng Medicare (www.medicare.gov). Kung pipiliin mong umalis sa pagkakatala sa aming plano at magpatala sa ibang plano ng Medicare, may impormasyon ang website ng Medicare tungkol sa mga halaga, saklaw, at mga rating ng kalidad upang matulungan kang mapaghambing ang mga plano.

Makakahanap ka ng impormasyon tungkol sa mga plano ng Medicare na makukuha sa iyong lugar sa pamamagitan ng paggamit sa Panghanap ng Plano ng Medicare sa website ng Medicare. (Para sa impormasyon tungkol sa mga plano, sumangguni sa www.medicare.gov at mag-click sa "Maghanap ng mga plano.")

Medicare & You 2024

Maaari mong basahin ang *Medicare & You 2024* na handbook. Bawat taon sa taglagas, ipinapadala ang buklet na ito sa koreo sa mga taong may Medicare. May buod ito ng mga benepisyo, karapatan at proteksyon ng Medicare, at mga sagot sa mga madalas itanong tungkol sa Medicare. Ang handbook na ito ay makukuha rin sa Espanyol, Intsik, at Vietnamese.

Kung wala kang kopya ng buklet na ito, maaari mo itong makuha sa website ng Medicare (www.medicare.gov/Pubs/pdf/10050-medicare-and-you.pdf) o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 oras kada araw, 7 araw kada linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048.

G5. Departamento ng California sa Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan (California Department of Managed Health Care, DMHC)

Ang Departamento ng California sa Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan (California Department of Managed Health Care, DMHC) ay responsable sa pagregula sa mga plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Matutulungan ka ng Sentro ng Tulong ng DMHC sa mga apela at reklamo tungkol sa mga serbisyo ng Medi-Cal. Kung mayroon kang hinaing laban sa iyong planong pangkalusugan, dapat mo munang tawagan ang iyong planong pangkalusugan sa (855) 665-4627, TTY: 711 at gamitin ang proseso ng karaingan ng iyong planong pangkalusugan bago makipag-ugnayan sa departamento. Ang paggamit sa pamamaraang ito ng karaingan ay hindi nagbabawal sa anumang potensyal na legal na karapatan o mga remedyo na maaaring magagamit mo. Kung kailangan mo ng tulong sa isang karaingan na kinasasangkutan ng isang emergency, isang karaingan na hindi kasiya-siyang nalutas ng iyong planong pangkalusugan, o isang karaingan na nanatiling hindi nalutas nang mahigit sa 30 araw, maaari kang tumawag sa departamento para sa tulong. Maaari ka ring maging karapat-dapat para sa isang Independiyenteng Medikal na Pagsusuri (Independent Medical Review, IMR). Kung karapat-dapat ka para sa IMR, magbibigay ang proseso ng IMR ng walang kinikilingan na pagsusuri sa mga medikal na desisyon na ginawa ng isang planong pangkalusugan na may kaugnayan sa medikal na pangangailangan ng isang iminungkahing serbisyo o paggamot, mga desisyon sa pagsaklaw para sa mga paggamot na eksperimento o pagsisiyasat sa kalikasan at mga gusot sa pagbabayad para sa emergency o mga agarang serbisyong medikal. Ang departamento ay mayroon ding toll-free na numero ng telepono **(1-888-466-2219)** at isang TDD na linya **(1-877-688-9891)** para sa may kapansanan sa pandinig at pagsasalita. Ang website sa internet ng departamento na **www.dmhc.ca.gov** ay may mga form ng reklamo, mga form ng aplikasyon ng IMR at mga tagubilin online.

Pagkuha ng Mahahalagang Materyales ng Plano

Paano Kumuha ng Mahahalagang Dokumento ng Plano

Mahalaga ka sa amin! Ginagawa naming madali para sa iyo na makuha ang impormasyong kailangan mo. Mag-online para makita ang mahahalagang dokumento ng plano at mahanap ang tagapagkaloob o parmasya ng network. Maaari mo ring hanapin ang iyong mga inireresetang gamot, anumang oras, kahit saan, mula sa anumang device. Ang **2024** na mga dokumento sa iyong plano, tulad ng iyong Ebidensya ng Saklaw, Pormularyo, at Direktoryo ng Tagapagkaloob/Parmasya ay magiging available online ng **Oktubre 15, 2023**.

Alamin ang mga dokumento ng iyong plano

- **Ebidensya ng Saklaw (Evidence of Coverage, EOC):** Isang gabay sa kung ano ang saklaw sa ilalim ng iyong plano. Mayroon itong mga detalye tungkol sa mga benepisyo at saklaw ng iyong plano, mga karapatan ng miyembro, at higit pa.
- **Pormularyo:** Isang listahan ng mga sakop na gamot sa ilalim ng iyong plano.
- **Direktoryo ng Tagapagkaloob/Parmasya:** Isang listahan ng mga doktor sa network, espesyalista, at parmasya na may mga numero ng telepono at address. Makakahanap ka ng tagapagkaloob o parmasya ng network gamit ang aming online na direktoryo sa MolinaHealthcare.com/ProviderSearch
- **Abiso sa Kasanayan sa Pagkapribado:** Inilalarawan ng abiso na ito kung paano maaaring gamitin at ibunyag ang medikal na impormasyon tungkol sa iyo at kung paano ka makakakuha ng access sa impormasyong ito. Matatagpuan ito sa aming website sa https://www.molinahealthcare.com/members/common/en-US/terms_privacy.aspx

Paano tingnan o humiling ng kopya ng isang dokumento ng plano

Online sa MolinaHealthcare.com/Medicare
Tingnan o mag-download ng kopya ng mga dokumento ng iyong plano online anumang oras, kahit saan. Gumamit ng anumang device, tulad ng iyong kompyuter, tablet, o mobile na telepono. Ang 2024 na mga dokumento ng iyong plano ay magiging available online sa Oktubre 15, 2023.

Online sa MyMolina.com.
Bisitahin ang aming self-service na portal ng miyembro upang makita ang mga dokumento ng iyong plano online 24/7, o upang maghanap ng tagapagkaloob o parmasya ng network. Mag-sign in sa iyong Portal bilang Miyembro ng My Molina o mag-set up ng account sa **MyMolina.com**. I-click ang "Gumawa ng Account" at sundin ang mga sunud-sunod na tagubilin para makapag-sign up.

Tumawag nang walang bayad.
Ipaalam sa amin kung wala kang access sa kompyuter o kung mas gusto mong magkaroon ng naka-printang kopya ng isang EOC, Pormularyo, o Direktoryo ng Tagapagkaloob/Parmasya na ipinadala sa iyo sa koreo. Upang makahiling ng naka-printang kopya ng isang dokumento ng plano, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro nang walang bayad sa **(855) 665-4627, TTY: 711, Lunes - Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras.**

Nandito kami para tumulong

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa iyong mga benepisyo o kailangan mo ng tulong sa paghahanap ng tagapagkaloob o parmasya ng network, o kung gusto mong maalis sa mga materyales na ipinapadala sa koreo, pakitawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro nang walang bayad sa **(855) 665-4627, TTY: 711.**

Y0050_24_3526_LRWelcKitElectNote_C

Pag-apruba sa OMB 0938-1444 (Magpapaso sa: Hunyo 30, 2026)

Kung mayroon kang mga katanungan, mangyaring tumawag sa Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) sa (855) 665-4627, TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag na ito. **Para sa karagdagang impormasyon,** bisitahin ang MolinaHealthcare.com/Medicare.

Form Approved
OMB# 0938-1421

Language Assistance Services

Free aids and services, such as sign language interpreters, written translations, and written information in alternative formats, are available to you. Call 1-855-665-4627 (TTY: 711).

English:

We have free interpreter services to answer any questions you may have about our health or drug plan. To get an interpreter, just call us at 1-855-665-4627. Someone who speaks English can help you. This is a free service.

Spanish:

Contamos con servicios de intérprete gratuitos para responder a cualquier pregunta que pueda tener acerca de nuestro plan de salud o medicamentos. Para obtener un intérprete, llámenos al 1-855-665-4627. Alguien que hable Español puede ayudarle. Este es un servicio gratuito.

Chinese Mandarin:

如果您对我们的健康计划或药品计划有任何问题，我们可以提供免费的口译服务回答您的问题。若要获得口译服务，请致电我们： 1-855-665-4627。说 普通話 的人士会帮助您。这是免费服务。

Chinese Cantonese:

我們有免費的口譯員服務，可回答您對於我們健康或藥物計劃的任何問題。若需要口譯員，請撥打 1-855-665-4627 聯絡我們。能說 广东话 的人士會爲您提供協助。這是免費的服務。

Tagalog:

May mga libre kaming serbisyo ng interpreter para sagutin ang anumang posible ninyong tanong tungkol sa aming planong pangkalusugan o plano sa gamot. Para kumuha ng interpreter, tawagan lang kami sa 1-855-665-4627. May makakatulong sa inyo na nagsasalita ng Tagalog. Isa itong libreng serbisyo.

Vietnamese:

Chúng tôi có các dịch vụ phiên dịch miễn phí để trả lời bất kỳ câu hỏi nào của quý vị về chương trình chăm sóc sức khỏe hoặc chương trình thuốc của chúng tôi. Để có phiên dịch viên, chỉ cần gọi cho chúng tôi theo số 1-855-665-4627. Một người nói Tiếng Việt có thể giúp quý vị. Đây là dịch vụ miễn phí.

Form Approved
OMB# 0938-1421

Korean:

당사는 무료 통역 서비스를 통해 건강 또는 처방약 플랜에 대한 귀하의 질문에 답변해 드립니다. 통역 서비스를 이용하시려면 1-855-665-4627 로 전화하십시오. 한국말 통역사가 도움을 드릴 수 있습니다. 무료 서비스입니다.

Russian:

Если у вас возникли какие-либо вопросы о вашем плане медицинского обслуживания или плане с покрытием лекарственных препаратов, для вас предусмотрены бесплатные услуги переводчика. Чтобы воспользоваться услугами переводчика, просто позвоните нам по номеру 1-855-665-4627. Вам поможет сотрудник, владеющий русский язык. Эта услуга предоставляется бесплатно.

Arabic:

نوفر خدمات ا ةلترجم الفورية المجانل يةلإةج اعبن أي أس ئقلدة ترا وحدوكل الخطة ال صأحوية خطة الأدوى. ة لدينا ول وللحص على مترجم فوري، 1. ويلمك نشخص يّث تحد ا للغة 1-855-665-4627 تفضل بالا تبصناال على ا مل 8ر 9ق 08. مساعد تتقكد مهذه الخدمً. ة م جانا

Hindi:

हमारे स्वास्थ्य या दवा की योजना के बारे में आपके किसी भी प्रश्न के जवाब देने के लिए हमारे पास मुफ्त दुभाषिया सेवाएँ उपलब्ध हैं. एक दुभाषिया प्राप्त करने के लिए, बस हमें 1-855-665-4627 पर फोन करें. कोई व्यक्ति जो हिन्दी बोलता है आपकी मदद कर सकता है. यह एक मुफ्त सेवा है.

Japanese:

弊社の健康保険や薬剤計画についてご質問がある場合は、無料の通訳サービスをご利用いただけます。通訳サービスを利用するには、1-855-665-4627までお電話ください。日本語 の通訳担当者が 対応します。これは無料のサービスです。

Armenian:

Մենք ունենք անվճար թարգմանչական ծառայություններ՝ մեր առողջության կամ դեղերի ծրագրի վերաբերյալ Ձեր ցանկացած հարցին պատասխանելու համար: Թարգմանիչ ստանալու համար պարզապես զանգահարեք մեզ՝ 1-855-665-4627 հեռախոսահամարով: Ինչ-որ մեկն, ով խոսում է հայերեն, կարող է օգնել Ձեզ: Սա անվճար ծառայություն է:

Cambodian:

យើងមានសេវាអ្នកបកប្រែផ្ទាល់មាត់ដោយឥតគិតថ្លៃដើម្បីឆ្លើយតបទៅនឹងសំណួរនានា ដែលអ្នកអាចនឹងមានអំពីគម្រោងសុខភាពនិងឱសថរបស់យើង។ ដើម្បីទទួលបានអ្នកបកប្រែ ផ្ទាល់មាត់ម្នាក់ គ្រាន់តែទូរស័ព្ទមកយើងខ្ញុំតាមលេខ 1-855-665-4627 ។ មនុស្សម្នាក់ដែល និយាយភាសាខ្មែរអាចជួយអ្នកបាន។ សេវាកម្មនេះមិនគិតថ្លៃនោះទេ។

H5810_23_50_CASNPStateMLI_C016

Persian (Farsi):

برای پاسخگویی به سؤالاتی که ممکن است درباره طرح های سلامت یا دارویی ما داشته باشید می توانید از خدمات ترجمه رایگان ما استفاده کنید. برای دسترسی به مترجم شفاهی، کافی است با شماره 1-855-665-4627 با ما تماس بگیرید. فردی که به زبان فارسی صحبت می کند به شما کمک خواهد کرد. این سرویس رایگان است.

Hmong:

Peb muaj cov kev pab cuam pab txhais lus pub dawb los teb cov lus nug uas koj muaj txog peb txoj phiaj xwm kev noj qab haus huv los sis tshuaj. Yog xav tau ib tus neeg txhais lus, tsuas yog hu rau peb ntawm 1-855-665-4627. Ib tus neeg uas hais lus Hmoob tuaj yeem pab koj. Qhov no yog ib qho kev pab cuam pub dawb.

Laotian:

ພວກເຮົາມີການບໍລິການນາຍພາສາຟຣີເພື່ອຕອບຄຳຖາມທີ່ທ່ານອາດຈະມີກ່ຽວກັບແຜນສຸຂະພາບ ຫຼື ການຢາຂອງພວກ ເຮົາ. ຖ້າ ຕ້ອງການນາຍແປພາສາ, ພຽງແຕ່ໂທຫາພວກເຮົາທີ່ 1-855-665-4627. ຄົນທີ່ເວົ້າ ພາສາລາວ ສາມາດຊ່ວຍ ທ່ານໄດ້. ນີ້ແມ່ນການບໍ ລິການຟຣີ.

Mien:

Yie mbuo mv nongc zinh taengx meih mbienv wac daih dau meih, haih doix yie mbuo nyei sinh beih nongx faix bong ndie nyei nyungh nyungc geh naiv. Oix duqv taux taengx meih mbienv wac, kungx zuqc mboqv yie mbuo nyei dienx wac 1-855-665-4627. Haih gorngv mienh wac nyei mienh haih bong taengx zuqc meih. Naiv se yietc nyungc mv nongc zinh nyei bong taengx.

Punjabi:

ਸਾਡੀ ਸਿਹਤ ਜਾਂ ਦਵਾਈ ਯੋਜਨਾ ਬਾਰੇ ਤੁਹਾਡੇ ਕਿਸੇ ਵੀ ਸਵਾਲ ਦਾ ਜਵਾਬ ਦੇਣ ਲਈ ਸਾਡੇ ਕੋਲ ਮੁਫ਼ਤ ਦੁਭਾਸ਼ੀਏ ਸੇਵਾਵਾਂ ਹਨ। ਦੁਭਾਸ਼ੀਏ ਨਾਲ ਸੰਪਰਕ ਕਰਨ ਲਈ, ਸਾਨੂੰ 1-855-665-4627 'ਤੇ ਕਾਲ ਕਰੋ। ਕੋਈ ਵਿਅਕਤੀ ਜੋ ਪੰਜਾਬੀ ਬੋਲਦਾ ਹੈ ਤੁਹਾਡੀ ਮਦਦ ਕਰ ਸਕਦਾ ਹੈ। ਇਹ ਇੱਕ ਮੁਫ਼ਤ ਸੇਵਾ ਹੈ।

Thai:

เรามีบริการล่ามแปลภาษาให้ฟรีเพื่อตอบคำาถามใดๆ ที่คุณอาจมีเกี่ยวกับแผนด้านสุขภาพหรือยาของเรา หากต้องการรับบริการล่าม เพียงโทรหาเราที่ 1-855-665-4627 คนที่สามารถพูดภาษา ภาษาไทย สามารถช่วยคุณได้ บริการนี้เป็นบริการที่ไม่มีค่าใช้จ่าย

Ukrainian:

У нас є безкоштовні послуги перекладача, щоб відповісти на будь-які питання, які ви можете мати про наш план здоров'я або наркотиків. Щоб отримати інтерпретатор, просто зателефонуйте нам на 1-855-665-4627. Хтось, хто говорить Українська мова, може вам допомогти. Це безкоштовна послуга.

French:

Nous proposons des services gratuits d'interprétation pour répondre à toutes vos questions relatives à notre régime de santé ou d'assurance-médicaments. Pour accéder au service d'interprétation, il vous suffit de nous appeler au 1-855-665-4627. Un interlocuteur parlant Français pourra vous aider. Ce service est gratuit.

German:

Unser kostenloser Dolmetscherservice beantwortet Ihren Fragen zu unserem Gesundheits- und Arzneimittelplan. Unsere Dolmetscher erreichen Sie unter 1-855-665-4627. Man wird Ihnen dort auf Deutsch weiterhelfen. Dieser Service ist kostenlos.

Italian:

È disponibile un servizio di interpretariato gratuito per rispondere a eventuali domande sul nostro piano sanitario e farmaceutico. Per un interprete, contattare il numero 1-855-665-4627. Un nostro incaricato che parla Italianovi fornirà l'assistenza necessaria. È un servizio gratuito.

Portugués:

Dispomos de serviços de interpretação gratuitos para responder a qualquer questão que tenha acerca do nosso plano de saúde ou de medicação. Para obter um intérprete, contacte-nos através do número 1-855-665-4627. Irá encontrar alguém que fale o idioma Português para o ajudar. Este serviço é gratuito.

French Creole:

Nou genyen sèvis entèprèt gratis pou reponn tout kesyon ou ta genyen konsènan plan medikal oswa dwòg nou an. Pou jwenn yon entèprèt, jis rele nou nan 1-855-665-4627. Yon moun ki pale Kreyòl kapab ede w. Sa a se yon sèvis ki gratis.

Polish:

Umożliwiamy bezpłatne skorzystanie z usług tłumacza ustnego, który pomoże w uzyskaniu odpowiedzi na temat planu zdrowotnego lub dawkowania leków. Aby skorzystać z pomocy tłumacza znającego język polski, należy zadzwonić pod numer 1-855-665-4627. Ta usługa jest bezpłatna.

CAH303803TL24
230907